



BANSANG NAKAUGAT SA PAMILYA, PAMILYANG NAKAUGAT SA KASAL

“Ang pinagsama ng Diyos, ay hindi dapat paghiwalayin ng tao” (Mateo 19:6). Hindi isinusuko ng Simbahang Katolika ang turong ito ni Hesus, sa kabila ng pagsasabatas ng diborsyo sa halos lahat ng bansa sa mundo (tingnan sa Catechism of the Catholic Church # 2384-2385). Samakatuwid, kahit na sa mga bansa kung saan legal ang diborsyo sibil, hindi basta-bastang makakapag-asawang muli ang mga Katolikong kasal sa Simbahan maliban na lang kung maghain sila ng declaration of nullity ng dati nilang kasal— na hindi katulad ng diborsyo. Sa katunayang dahil naniniwala tayo sa kabanalan ng kasal, naniniwala rin tayo na hindi lahat ng mag-asawang kinasal ay “pinagbubuklod ng Diyos.” Maaari natin itong gamitin sa pagpapawalang-bisa ng kasal at panindigan ang sinasabi ng Ebanghelyo sa kabaliktaran: *“Ang hindi pinagsama ng Diyos, ay maaaring paghiwalayin ng tao.”*

Tayo nga ang huling bansa sa mundo nahindi pang ginagawang legal ang diborsyo sibil. Kinakailangan rin ba nating makitulad at makisunod sa agos? Siyempre pwede naman kung gugustuhin natin. Sa kabila ng maaring iisipin ng mga relihiyonista, mayroon naman tayong kalayaang pangrelihiyon sa ating bansa, at ating kinikilala ang prinsipyo ng paghihiwalay ng Simbahan at ng Estado. Ang Simbahan ay wala sa posisyon upang diktahan ang Estado kung ano ang pinakamabuti para sa mga pamilyang Pilipino. Alam namin na ang mahigpit na paninindigan na ang isang tunay na kasal ay hindi maaaring mabuwag, ay hindi tinatanggap at pinaniniwalaan ng ibang relihiyon; at ito naman ay aming iginagalang. Subalit bago tayo sumali sa agos ng mundo, hindi ba natin dapat tanungin ang ating mga sarili batay sa mga pananaliksik at istatistika, kung ang pagsasabatas ng diborsyo sa ibang mga bansa ay nakatulong nga upang protektahan ang pagkalahatang kapakanan at ang kaayusan ng pamilya?

Sabi nga sa katagalugan, *“Maghunos dili muna tayo at mag-isip-isip”* - ito siguro ang pinaka-angkop sabihin sa mga taong sobrang nagmamadali at sabik na maisabatas ang Absolute Divorce Law sa ating bansa. Gusto ba talaga natin ito para sa ating sarili? Gusto ba talaga nating gawing madali para sa mga mag-asawang kasal sa sibil ang makipaghiwalay kapag “gusto na nila” o kapag “hindi na nila gusto?”

Isipin na lang natin ang maraming beses na nagalit ang ating mga magulang sa isa’t isa at halos matukso silang tuldukan ang kanilang relasyon. Isipin na lang natin kung ilang beses ang ating mga tatay ay halos matulog na “sa labas ng kulambo” o ang ating mga nanay na “mag-alsa balutan” upang lumayas kasama ang mga anak at umuwi na lang sa sariling magulang, dahil sa kanilang hindi pagkakaunawaan. Isipin na lang natin kung ano na kaya ang nangyari sa pamilya natin kung sa panahon noon ay mayroon nang diborsyo, noong tayo ay nasa murang edad pa lamang at ang ating mga magulang ay dumaraan sa napakabigat na pagsubok sa kanilang pagsasama. Isipin na lang natin ang pagdurusang ating kailangang pagtiisan kung mayroon nang diborsyo noon na tila ba magbibigay ng lunas sa hindi na mapaghihilom na sugat sa relasyon sa kabila ng kaibahan ng bawat isa.

Bagama’t totoo na may mga mag-asawang hindi na maaaring maibalik ang relasyon, hindi ba’t totoo rin naman na ang pagdaan sa mga matitinding krisis sa ugnayan bilang mag-asawa ay bahagi na ng buhay pag-aasawa, na hindi dapat agad na tinutuldukan sa pamamagitan ng hiwalayan? Hindi ba natin pakikikingan ang mga kwento ng mga mag-asawang dumaa sa mga matitinding pagsubok sa kanilang ugnayan, na nagbalik-tanaw sa maraming taon ng kanilang pagsasama, at hindi hinayaang mauwi sa pagkawasak ang kanilang pangakong sinumpaang? Sa halip, ang mga pagsubok na ito ay nagpatatag pa sa kanilang ugnayan?

Ang istatistika sa mga bansang kung saan ang diborsyo ay legal ay nagsasabing, “ang kabiguan sa unang kasal ay nasa 48%, 60% sa ikalawang kasal at 70% sa ikatlong kasal” (National Center for Health Statistics). Sigurado ba tayong gusto nating mapabilang ang ating mga pamilya sa ganitong malagim na istatistika?

Kung kaya’t pinapahalagahan natin ang ginagawang hakbang ng ating mga Lay Ecclesial Movements, lalo na ang mga samahang nagpapahalaga sa pamilya, na ngayon ay nangunguna sa mga debate tungkol sa mabuti at hindi mabuting dulot kung ang diborsyo ay isasabatas sa ating bansa. Sila ang naglalayo sa

mga obispo at pari sa mga atake at argumentong “*ad hominem*” na nagsasabing, “*Anong karapatan ninyong magbigay ng panuntunan tungkol sa kasal samantalang kayo mismo ay mga walang asawa?*”

Iyon naman ay talagang may saysay na katanungan. Subalit hindi kami ang nagtatakda ng batas o panuntunan tungkol sa kasal na sibil. Unang una, alam naman namin na wala kami sa posisyon upang gawin iyon. Iginagalang namin ang gawain ng mga gumagawa ng batas ng ating bansa at ang tungkulin ng mga mambabatas na makabuo ng mga makatarungang batas at totoong magtataguyod ng kabutihan para sa lahat. Umaasa tayo at magdarasal na kanilang isasaalang-alang ang bigat ng tungkuling iniatang sa kanila at ang pangangailangang hikayatin ang mga mamamayan sa seryosong talakayan tungkol sa mga magiging dulot ng pagsasabatas nito.


Bilang mga gabay sa espiritwal at moral na pamumuhay ng Simbahan, maarai lamang kaming magmungkahi at hindi kailanman mag-utos. Amin lamang pinasisigla ang aming mga mananampalataya na aktibong makibahagi sa matalinong pakikipagtalakayan bilang mamayan ng ating bansa. Kung kaya’t bago tayo makiayon sa agos ng pagsasabatas ng diborsyo, bago pa natin pagsisihan ito, at mapakinggan ang mga sumubok na salungatin ang agos na ito, “*Pero sinabi na namin ito sa inyo!*” pwede bang maghunos-dili muna tayo at mag-isip-isip – ano kaya ang dahilan kung bakit tayo na lamang ang nahuhuli at natatanggap bansa sa mundo na hindi pa rin tumatanggap sa batas ng diborsyo?

Kahit na hindi perpekto ang ating mga pamilya, siguro maipagmamalaki pa rin natin ang matibay na pagpapatotoo ng ating konstitusyon sa pagpapahalaga sa pamilya sa pagsasabing “*Kinikilala ng Estado ang pamilyang Pilipino bilang pundasyon ng ating bansa. Kung kaya’t kainakailangan niyang patatagin ang kaisahan nito at aktibong itaguyod ang ganap nitong kaunlaran*” (Artikulo XV, Seksyon 1). Mayroon pa bang ibang bansa sa mundo na may ganitong pagpapahalaga sa pamilya na nakasaad sa saligang batas na ang pamilya ang pundasyon ng bansa, at ang “*kasal bilang pundasyon ng pamilya ay hindi dapat hayaang mawasak at sa halip ay dapat protektahan ng Estado*”? (Artikulo XV, Seksyon 2).

Hindi totoo na walang umiiral na legal na lunas o solusyon sa panahon natin tungkol sa mga problema ng mag-asawa. Hindi ba’t ang dalawang mahalagang institusyon: ang Simbahan at Estado ay mas mabuting magtulungan sa pagkalap ng mga mas epektibong pamamaraang legal at moral na lulunas sa problema at hindi basta na lang “*itatapon ang bata kasama ng pinagliguan?*” Kung walang batas ng diborsyo bilang isang lunas, matutulungan pa natin ang mga nagnanais na mag-asawa na mag-isip ng dalawa o tatlong beses bago pumasok sa institusyon ng kasal, upang mapangalagaan natin ang halaga ng pamilya na siyang pundasyon at saligan ng ating bansa.

Sa ating sama-samang pag-aaninaw, pagnilayan natin ang pananalita ng ating Santo Papa Francisco sa kanyang Pastoral na Pangaral “*Amoris Laetitia*”, na nagpapatungkol sa mga Katolikong Pamilya na nasa mga bansang legal ang diborsyo: “*Ang pagtulong sa paghilom ng sugat ng mga magulang at pagsuporta sa kanila sa buhay espiritwal ay makatutulong din sa mga kabataan, na nangangailangan ng Simbahang nakababatid ng kailang masasakit na karanasan. Masama ang diborsyo at nakakabagabag ang pagtaas ng bilang nito. Kung kaya’t ang pinakamahalagang gawaing pastoral patungkol sa pamilya ay ang patatagin ang pagmamahalan, magtulungan para sa paghilom ng mga sugat at magsikap upang mapigilan ang pagkalat ng dramang ito sa ating panahon*” (Amoris Laetitia 246).

Para sa Kapulungan ng mga Obispong Katoliko ng Pilipinas



+ Pablo Virgilio S. David, D.D.
Obispo ng Kalookan
Pangulo ng CBCP